DepEd ADVISORY No. **74**, s. 2013
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
February 1, 2013

PAMBANSANG PATIMPALAK SA PASANYOG WIKA AT KULTURANG FILIPINO

Ang Pambansang Komite ng Wika at Salin (PKWS) ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (PKKS) o *National Commission for Culture and the Arts (NCCA)* sa pakikipagtulungan ng Unibersidad ng Pilipinas Visayas *Chancellor's Committee on Culture and the Arts (UPV-CCCA)* ay magsasagawa ng *Pambansang Patimpalak sa Pasanyog Wika at Kulturang Filipino* na gaganapin sa Marso 15, 2013 sa UP Visayas Auditorium, General Luna St., Iloilo City.

Ang layunin ng Paligsahang ito ay ang mga sumusunod:

1. makatulong sa pagpapasigla ng isang anyo ng panitikang Pilipino;
2. makabuo ng mga piyesa ng balagtasan na tumatalakay sa mga napapanahong isyu; at
3. maitanghal ang mga piyesa ng balagtasan sa publiko.

Ito ay binubuo ng iba't ibang kompetisyon katulad ng Pambansang Balagtasan, Paindis-indis Dokyu, Paindis-indis Maikling Pelikula at Laragway sa Tanaga at Tanaga sa Laragway.

Ang mga dadalo sa Patimpalak na ito ay ang mga mag-aaral na nasa antas sekundarya na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay naaayon sa *no-distruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring makipag-ugnayan kay:

G. Roman C. Sanares
Assistant to the Chancellor for Culture and the Arts
Direktor ng Proyekto
UPV Art Gallery, Main Building
Universidad ng Pilipinas (UP) Visayas
General Luna St., Iloilo City
Telefax Blg.: (033) 337-9159
Email Address: cca_upv@yahoo.com

D-MCR/DA-Pasanyog
0111/January 28, 2013